Nagngalit ang bagang ni Bettina Santander habang binabasa ang memo na pinadala ng kanyang ama na siyang presidente ng *Santander Shipping*. Sinasabi roon na, as of today, siya ang tatayong presidente ng kompanya. Ibig lang noong sabihin ay kailangan niyang manatili sa opisina, nakatali sa mesa at nagsusulat ng mga memo na tulad nito.

Ibinalibag niya ang liham sa ibabaw ng mesa bago pabagsak na sumandal sa silya. Hindi pa siya nagsisimulang magtrabaho, gusto na niyang sabunutan ang sarili. She was a sailor, a marine engineer, a ship captain. Bata pa siya, pangarap na niyang maging marino. Iyon ang lagi niyang inaalala. Naging bulag siya sa ibang bagay dahil iyon ang tanging gusto niya. Hindi siya businesswoman at hindi siya company-president material.

Huminga siya nang malalim at nagbilang ng one to ten. Kinailangan niyang bumilang pa ng hanggang thirty bago bumagal ang pagtibok ng puso niya at bumaba ang kanyang blood pressure.

Isa siyang Santander at ang mga Santander ay hindi umiiwas sa responsibilidad kahit pa ano ang pakiramdam nila tungkol doon. Hindi ba't iyon ang dahilan kung bakit naging Santander siya in the first place? Dahil nabuntis ng playboy niyang ama ang socialite niyang ina, at kinailangang magpakasal ang mga ito kahit pa hindi mahal ang isa't isa at lalong hindi pa handang bumuo ng pamilya.

Kaya ngayon, may kabit ang nanay niya, may kabit ang tatay

niya, at siya… she was stuck in this stuffy office, pretending to know what she was doing when all she wanted to do was get on her ship and sail. Muling sinipat ni Bettina ang memo ng ama at pinigil ang muling pagkulo ng dugo. Hindi siya nagtagumpay.

May kumatok sa pinto at pilit niyang ginawang neutral ang ekspresyon ng kanyang mukha. She was a Santander and a Santander never showed his or her emotions.

“Pasok,” aniya at tiningnan nang mapagtanong ang sekretaryang si Sheila nang sumilip ito.

“Ma’am, gusto po kayong makausap ni Sir sa opisina niya.”

Tumango siya at tumayo. Hinila niya ang laylayan ng suot na teal-colored skirt at business jacket, at inayos ang buhok, as if magugulo iyon sa higpit ng pagkakapusod niya.

Miss Tapia na kung Miss Tapia, gusto niya iyong mukha siyang maayos, malinis at professional. Nasanay na siyang ganoon ang porma mula noong magkolehiyo siya. Dahil mukha siyang intimidating, kaunti lang ang nagtangkang mangulit kung bakit kababae niyang tao ay marine engineering ang kinuha niyang kurso.

Sumunod siya kay Sheila at kumatok ito sa opisina ng ama bago binuksan ang pinto.

Nakatayo si Ramon sa harap ng mesa nito. Naka-Hawaiian shirt ito na kulay pula at orange, naka-shorts na puti, at

sandals. Mukha itong beach bum imbis na presidente ng isa sa pinakamalalaking shipping companies sa bansa.

"I want to talk to you about this," bungad niya sa ama habang inaangat ang memo.

"Later," pigil nito saka tumango sa direksyon ng bintana. Napatingin si Bettina roon at napansin ang isang lalaking mahirap yatang hindi mapansin.

He was all male, and all dangerous. All delicious.

May namuong linya sa gitna ng noo ni Bettina nang maisip iyon. Iyon ang unang beses na nakaisip siya ng ganoon tungkol sa isang lalaki, at sanay siyang napapalibutan ng mga macho sa barko. Pero ito... iba ang aura nito.

Derecho ang pagkakatayo nito na parang sundalong at attention. Matangkad, probably a little over six feet. Derecho sa kanyang mga mata ang tingin nito at nakalulunod ang titig. His nose was straight at maganda ang mga labi. Hindi ito ang pinakaguwapong lalaking nakita niya, pero sigurado siyang nasa top ten ito kung gagawa siya ng listahan.

Top five, in fact. Top three...

"This is Sebastian Galvez," pakilala ng kanyang ama pero hindi niya ito binalingan. Hindi niya maalis ang paningin sa mga mata ng binata. "He will be working on the hijacking attempt with you."

“Pulis ka?” tanong ni Bettina sa estranghero.

Ngumiti ito. “Security specialist,” sagot nito.

Alam niyang puno ng skepticism ang kanyang ekspresyon. “Nakausap ko na ang hepe ng pulis ng tatlong probinsya, ang *Coast Guard* at ang *Philippine Navy*,” nababagot niyang sabi.

Mas lalong lumawak ang ngiti ni Sebastian. “Pero hindi mo pa ako nakakausap, Ma’am.”

“Anong ahensya ka naman ng gobyerno?” muli niyang tanong.

“He’s with a security and investigative agency.” Ang ama niya ang sumagot. “And I want you to cooperate with him. Do everything and anything he wants you to do.”

Muling ngumiti ang lalaki at ibang imahe ang namuo sa isip ni Bettina.

*Everything and anything he wants…*